



Iginagalang ng NMAFC ang pagkakaiba-
 iba ng bawat indibidwal at kultura.
 Maaaring makinabang sa lahat ng mga
 serbisyo ang sinumang naninirahan sa
 NM nang di alintana ang lahi, etniko,
 relihyon, paniniwala, o oryentasyong
 seksuwal.

Para sa nais magboluntaryo o magbigay-
 donasyon, bumisita sa:

www.nmafc.org/help



*Scan the QR code for instant access to our website

New Mexico Asian Family Center
 128 Quincy ST NE,
 Albuquerque, NM-87108
www.nmafc.org
info@nmafc.org
 (505)717-2877

New Mexico Asian Family Center

Manirahan sa isang mundong
 nagbibigay-halaga sa bawat nilalang,
 pantay na oportunidad, at may
 katarungan para sa lahat.



*"NMAFC really changed my life and the
 attitude towards my future and difficulties."
 —NMAFC Client*



ANG AMING MISYON

Ang aming misyon ay magkaloob ng mga serbisyo at programang nagsasaalang-alang sa kultura tungo sa paglikha ng isang komunidad na Pan-Asian na may kakayahang magtaguyod at tumustos sa sarili.

SINO KAMI

Bilang isang organisasyong non-profit, pangunahing layunin ng NMAFC na tumulong sa mga Asyano na matutong magsarili, magtaglay ng kapangyarihan, at may kamalayan sa kanilang mga karapatan, sa tulong ng mga kawaning nabibilang sa iba't ibang lahi at kultura at mga sertipikadong tagapayo. Ang NMAFC ang nag-iisang ahensyang nagbibigay ng panlipunang serbisyong angkop sa populasyong Asyano. Ang mga sumusunod na wika ay makukuha sa site: Intsik Mandarin/Kantones, Hapones, Lao, Malayo, Pilipino, Thai, at Vietnamese**

*Karaniwang libre ang mga serbisyo o dili kaya ay sisingilin mula sa mga angkop na kompanya ng seguro.

**Lahat ng iba pang mga wika kabilang na ang sa Sentral Asya at sa Kalagitnaang Silangan ay makukuha sa tulong ng mga tagasalin.

ANG MGA GINAGAWA NAMIN

MGA PROGRAMANG PAMBATA AT PAMPAMILYA

Mga aktibidades tungo sa pagsasama-sama ng buong lahi:

- Mga gawaing pampamilya ng mga Intsik at Vietnamese
 - Pagsasalaysay
 - Mga Putahe ng iba't ibang kultura
 - Mga sining pangkultura
- Grupo ng mga Magulang na Intsik, Vietnamese, at Hapon
 - Mga Worksyap na edukasyunal
 - Worksyap tungo sa pagiging mabuting magulang
 - Pakikibahagi
- Grupo ng mga Kabataan
 - Martial Arts
 - Asian Club

MGA SERBISYO NG PAGBIBIGAY-SUPORTA

Para sa mga biktima na krimen, mga lulong sa sugal, at sa mga nangangailangan ng tulong sa ikauunawa ng mga Sistema ng US:

- Serbisyong legal: kunsultasyon at representasyon kaugnay ng mga batas pampamilya
- Pagbibigay-payo: indibwal at pamilya
- Pamamahala ng kaso: paghahanap ng tirahan, pagkain, damit, at social security
- Mga mapagkukunan at referal

EDUKASYONG PANG-KOMUNIDAD

Mga presentasyon tungkol sa mga isyung nakakaapekto sa mga komunidad ng mga Asyano:

- Kahusayang kultural
- Responsableng Pagsusugal
- Pag-abot sa wika
- Seksuwal at karahasang domestiko
- Mga karapatan ng imigrante

ADBOKASYA

Ang mga kawani ng Mosaic Voices * ay nagsusulong at nagtataguyod sa mga karapatan, kaligtasan, at mahusay na kalagayan ng mga pamilyang Asyano tungo sa pagtatamo ng pantay na karapatan sa mga serbisyo ng komunidad at pamahalaan:

- Pagbabago sa sistema
- Pagtataguyod ng mga polisiya
- Tulong-tulong na pagkilos



*Mosaic Voices is a community-led group working to identify and address issues impacting Asian communities.